
LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino

# Ang Prinsesa sa Kuwento



Isinulat at iginuhit ni Prum Kunthearo
Sinuri ni May L. Mojica



Si Carlo ay isang batang mahilig makinig sa mga kuwento. Lagi siyang binabasahan ng mga kuwento ng kaniyang ama.

"Itay, gusto ko pong makinig sa kuwento ninyo!" wika ni Carlo.

Nagsimula namang magkuwento ang kaniyang ama.



“Noong unang panahon, may mag-asawa na nagtatrabaho bilang mangangahoy. May pito silang anak. Ang kanilang bunsong anak ay sinliit ng hinlalaki...”



Ngunit biglang ginambala ni Carlo ang ama.


“Itay, bakit kasinliit siya ng hinlalaki?”

“Dahil hindi siya kumakain nang marami, kaya mabagal siyang lumaki,” paliwanag ng kaniyang ama.



“Bakit kakaunti lang ang kinakain niya?” tanong ni Carlo.

“Dahil mahirap lamang ang buhay nila.”



"Pero bakit po ang kaniyang mga nakatatandang kapatid ay normal naman?" tanong ni Carlo.

"Gusto mo bang marinig ang buong kuwento o hindi?" sabi ng kaniyang ama.

"Gusto ko po pero gusto kong makarinig ng ibang kuwento," paliwanag ni Carlo. "Alam ko na po ang kuwentong ito."



Nagsimulang magbasa ng bagong kuwento ang kaniyang ama. “Isang araw, ang lawa ay natuyo. Lumipad ang uwak upang maghanap ng tubig. May nakita itong banga na may lamang kalahating tubig. Ininom ng uwak ang tubig sa loob ng banga.”




"At paisa-isa niya itong nilagyan ng mga bato."


"Hindi po ba napapagod ang uwak?" tanong ni Carlo.

"Gusto mo pa bang marinig ang buong kuwento o hindi?" sabi ng kaniyang ama.

"Gusto ko po Itay pero narinig ko na po ang kuwentong ito."



“Sasabad ka na naman ba sa akin?” tanong ng kaniyang ama. “Pangako hindi na po!” sabi ni Carlo.



Binuksang muli ng ama ni Carlo ang libro at nagbasa ng ibang kuwento.

“Noon, ang araw at hangin ay nagpustahan.”

“Itay, bakit mainit ang araw?” sabad ni Carlo.



“Hindi ba’t nangako ka na hindi ka na sasabad pa?” sabi ng kaniyang ama.

“Patawad po!” sabi ni Carlo.

“Sapat na iyan para sa gabing ito, anak. Sa tingin ko ay alam mo na ang lahat ng kuwentong ito. Matulog ka na.” sabi ng kaniyang ama.

“Sige po, Itay.” malungkot na sabi ni Carlo.



Niyakap niya ang aklat at nakatulog. Nang gabing iyon, nakarinig si Carlo ng tunog ng pagbubukas ng aklat. Bumangon siya para tingnan ito. Sinabi ni Carlo sa kaniyang sarili, “Hindi ganito kaingay si Itay.”



Niyakap niya ang aklat at nakatulog. Nang gabing iyon, nakarinig si Carlo ng tunog ng pagbubukas ng aklat. Bumangon siya para tingnan ito. Sinabi ni Carlo sa kaniyang sarili, “Hindi ganito kaingay si Itay.”



“Mawalang-galang na po, sino po sila?”

“Kumusta!” sabi ng dalaga.

“Hinliliit.”



Nagtataka si Carlo. “Kakaiba!
Hinliliit ang pangalan mo?”
“Kakaiba ka rin, palasingsingan,”
sabi ng babae.
Kumunot ang noo ni Carlo.
“Hindi palasingsingan ang
pangalan ko!” sabi niya.
“Saan ka nagmula?”
“Hinlalato.” sabi ng dalaga, hindi
pinansin ang tanong ni Carlo.



Nagalit na si Carlo.
"Bakit hindi mo sagutin ang tanong ko?" galit na tanong niya.
"Ayaw mo ba ng mga tanong? Hindi ko gustong abalahin ka, ngunit ibalik mo ang libro ko."
Kinuha ni Carlo ang libro mula sa babae.



Tumayo ang babae at sinabing, "Salamat sa patuloy na pagtatanong kahit hindi ko sinasagot ang mga ito. Isa akong tauhan sa kuwento."

"Bakit hindi mo sinasagot ang aking mga tanong?" tanong ni Carlo.



Ngumiti si Carlo at nagtanong,
"Bakit ka nagpunta rito?"
"Naiinip ako," sabi ng prinsesa.
"Gusto kong makinig sa mga kuwento ng iyong ama, ngunit sumasabad ka sa kaniya palagi."
Natawa si Carlo dahil totoo ito.



Binuksan ni Carlo ang libro at nagsabing, “Kung gusto mong makinig, maaari kitang basahan ng kuwento.”

Nagalak ang prinsesa. “Maaari ba? Nais kong makarinig ng kuwento!” nasasabik na tugon ng prinsesa.



Nagsimulang magkuwento si Carlo tungkol sa batang kasinliit ng hinlalaki.

Binasa pa niya ito na may kasamang pagkilos ng kaniyang kamay.

Matamtim na nakinig ang prinsesa.



Pagkalipas ng ilang saglit, nakaramdam ng antok ang prinsesa. "Maraming salamat sa iyong kuwento ngunit ako ay inaantok na," sabi ng prinsesa.

"Matulog ka na, prinsesa! Ako ay inaantok na rin."

Magkasabay na nakatulog sina Carlo at ang prinsesa.



Nang magising si Carlo, wala na ang prinsesa. Pumasok ang kaniyang ama sa silid.

"Anak, ano ang hinahanap mo?" tanong nito.

"Wala po Itay!" sagot ni Carlo.

"Bilisan mo at magbihis ka na para sa paaralan!" sabi ng kaniyang ama.



Napangiti si Carlo sa aklat. Agad siyang nag-almusal. Inihatid na rin siya ng kaniyang ama sa paaralan.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation